# Sitwasyon, Bahagi 2

Pagkatapos ng lesson sa institute tungkol sa walang hanggang kasal, kapwa nadama nina Luis at Emma na gumawa ng ilang pagbabago at magtiwala sa Panginoon. Pagdating ni Luis sa klase sa institute nang sumunod na linggo, umupo siya sa tabi ni Emma at nagpakilala. Hindi nagtagal ay naging magkaibigan sila. Nagplano sila ng maraming aktibidad na nagtutulot sa kanila na mag-ukol ng oras sa isa't isa at malaman ang tungkol sa isa't isa. Kalauna'y nagkaroon sila ng matinding damdamin para sa isa't isa.

Gayunman, may ilang alalahanin si Emma. May listahan siya ng mga katangiang gusto niya sa isang asawa. Taglay ni Luis ang marami sa mga katangiang ito, ngunit hindi lahat.

Nagsimula ring kabahan si Luis. Mahal ni Luis si Emma, ngunit sa nakita niyang pagpapawalang-bisa sa kasal ng kanyang mga magulang, natatakot siyang magkamali sa pagpili ng pakakasalan. Masusi niyang pinag-isipan ang lahat ng nalaman niya tungkol kay Emma mula sa marami nilang pag-uusap at naranasan nang magkasama. Nadarama niya na ang kanilang mga mithiin ay magkaayon at nais niyang hilingin kay Emma na pakasalan siya, ngunit napakaraming bagay ang hindi pa niya alam. Nanalangin si Luis na mabigyan ng palatandaan kung si Emma ba ang tamang piliin. Hanggang ngayon, wala pang nangyayari.

- Pag-isipan ang natutuhan mo mula sa bahagi 2 ng materyal sa paghahanda. Ano ang maaaring makatulong kay Emma sa paraan niya ng paghahanap sa isang potensyal na mapapangasawa? Anong mga problema ang makakaharap natin kung napakababa o napakataas ng mga inaasahan natin sa isang potensyal na mapapangasawa?
- Ano ang maaaring makatulong kay Luis upang maunawaan niya ang tungkol sa mga ikinatatakot niya? Ano ang maaaring makatulong sa kanya upang maunawaan niya ang tungkol sa pagtanggap ng paghahayag? (Maaari ninyong rebyuhin ang bahagi 3 ng materyal sa paghahanda.)
- Anong mga aktibidad o karanasan ang makatutulong sa dalawang tao na maging magkaibigan at malaman pa ang tungkol sa mga katangian, personalidad, at pinahahalagahan ng bawat isa? Ano ang isa o dalawang katangian ng Tagapagligtas na inaasam ninyong taglayin bilang paghahanda sa pag-aasawa o sa pagpapatuloy ng inyong pagsasama bilang mag-asawa?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.